Santa Clara County
PUBLIC HEALTH

MANDATORYA NG DIREKTIBA:

Panlabas na Kainan

Epektibo sa Hulyo 13, 2020

sccgov.org/coronavirus

Binago: Oktubre 4, 2020

County ng Santa Clara
Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.5040

MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA PARA SA PANLABAS NA KAINAN, MGA PAGAWAAN NG ALAK, BAR, AT MGA PANLABAS NA SILID NG PANINIGARILYO

Mangyaring kumpirmahin na ang inyong pasilidad ay maaaring magbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Ang Estado ay mayroon ding partikular na patnubay para sa ilang pasilidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mahigpit na ipinapatupad na direktiba na ito.

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at sa patnubay ng Estado ay makikita sa covid19.ca.gov.

Inilabas: Hulyo 14, 2020
Binago: Oktubre 4, 2020

Noong Agosto 28, 2020, inilabas ng Estado ang kanilang Plano para sa Mas Ligtas na Ekonomiya ("Plano"), ang isang pangbuong estado na sistema ng mga paghihigpit sa COVID-19. Ang Santa Clara County ay kasalukuyang nasa Pangalawang Antas (Pula) ng Plano.

Sa ilalim ng Plano, iniutos ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado na ang mga bar, brewpub, brewery, at pub sa mga county na nasa Pangalawang Antas, kabilang ang Santa Clara County, ay dapat magsara ng lahat ng operasyon (parehong panloob at panlabas) maliban kung nag-aalok sila ng mga sit-down, panlabas na kainan at nagbebenta lamang ng alak kasabay ng transaksyon sa pagbenta ng pagkain. Tingnan ang Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan sa buong Estado dito at ang Plano ng Estado dito. Ang mga negosyong ito ay hindi maaaring magpatakbo maliban sa takeaway retail sales o para sa panlabas na kainan alinsunod sa Plano ng Estado at sa Kautusan ng Pagbawas ng Panganib ng County.

Ang kasalukuyang medikal at siyentipikong katibayan ay nagpapakita na ang COVID-19 ay pangunahing kumakalat sa pamamagitan ng mga patak ng paghinga at aerosol na nabubuo kapag ibinubuga ng isang nahawaang tao. Ang mga patak ng paghinga at aerosol na ito ay maaaring

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
Executive ng County: Jeffrey V. Smith

manatili sa hangin nang mahabang panahon sa mga panloob na espasyo, na nagpapakalat ng virus sa ibang mga indibidwal na bumibisita sa nakabahaging espasyo na ito. Ang maayos na pagsuot ng panakip sa mukha ay nakakatulong upang mabawasan ang pagkalat ng mga patak ng paghinga at aerosol, at ang paglipat ng mga aktibidad sa labas ay nakakatulong upang maikalat ang mga patak ng paghinga at aerosol na ibinuga. Dahil ang mga indibidwal ay dapat magtanggal ng mga panakip sa mukha para kumain, uminom, o manigarilyo, ang mga negosyo na may mga operasyon na gumagawa ng mga aktibidad na ito (kabilang ang mga restaurant, pagawaan ng alak, tasting room, bar, at mga silid ng paninigarilyo) ay dapat gumawa ng mga karagdagang pag-iingat upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa pagsagawa ng serbisyong ito sa mga customer.

Sa ilalim ng Direktibang ito, maaaring magpatakbo ang mga restaurant at iba pang pinahintulutang pasilidad ng pagkain na naghahanda at naghahain ng mga sit-down meals pati na rin ang mga pagawaan ng alak **para sa panlabas na serbisyo lamang, pati na rin ang mga pagbenta ng takeaway**. **Ipinagbabawal ang mga serbisyo ng panloob na kainan, panloob na pagawaan ng alak at pagtikim.**

Dahil sa partikular na tumataas na panganib ng pagkalat ng COVID-19 na nauugnay sa kanilang mga operasyon, **ang mga bar, brewery, brewpub, pub, distillery, at mga silid ng paninigarilyo ay hindi pinapayagan na magpatakbo sa loob man o sa labas**, maliban sa mga serbisyong pinapayagan ng mga Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado at ng County (tulad ng takeaway retail sales at serbisyo ng pagkain alinsunod sa mga probisyon ng Direktibang ito).

Itong Direktiba ay <u>mahigpit na ipinapatupad</u>, at ang kabiguan na masunod ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas noong Hulyo 2, 2020 ("Kautusan"). Ang mga restaurant, pagawaan ng alak, bar, silid ng paninigarilyo, at mga katulad na pasilidad ay dapat sumunod sa Kautusan, sa lahat ng kinakailangan ng Direktibang ito, <u>at</u> sa lahat ng mga kinakailangan ng naaangkop na nasa patnubay na partikular sa industriya ng Estado. Ang mga pasilidad ng pagkain ay dapat ding sumunod sa Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa mga Pasilidad ng Pagkain ng Opisyal ng Pangkalusugan.

Ang paglalagay ng mga panlabas na kaayusan sa pag-upo, serbisyo ng pagkain at alkohol, at iba pang operasyon ay dapat ding sumunod sa mga batas ng estado at ng lokal, sa mga regulasyon, at sa mga kinakailangan sa pagpahintulot. Ang mga pangunahing pagbabago sa mga operasyon ng serbisyo ng pagkain, tulad ng pagdaragdag ng mga istasyon ng paglilinis, mga lugar ng paghahanda ng pagkain, o mga lugar ng pag-iimbak ng pagkain ay maaaring mangailangan ng

maagang pag-apruba ng Departamento ng Pangkapaligirang Kalusugan (DEH). Makipag-ugnay sa DEH para sa karagdagang impormasyon sa: www.EHinfo.org, DEHWEB@cep.sccgov.org, o (408) 918-3400.

Ang Kautusan na Inilabas noong Hulyo 2

Ang Kautusan ay nagpapataw ng ilang mga paghihigpit sa lahat ng mga negosyo at aktibidad upang matiyak na ang County ay mananatiling ligtas hangga't maaari, kabilang ang, ngunit hindi limitado, sa mga sumusunod:

- **Ang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao:** Dapat magkumpleto at magsumite ang lahat ng mga negosyo ng pinakabagong bersyon ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa County gamit ang online form, makukuha dito. Ang Protokol ay isinumite sa ilalim ng parusa na bawal ang pagsisinungaling, nangangahulugan na ang lahat ng nakasulat sa form ay dapat totoo at tumpak sa kaalaman ng pumirma, at ang pagsusumite ng maling impormasyon ay isang krimen. Ang Protokol ay dapat na maipamahagi sa lahat ng mga manggagawa, at dapat itong makita ng lahat ng mga opisyal na nagpapatupad ng Kautusan.

- **Palatandaan:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat mag-print ng (1) isang na-update na Palatandaan na COVID-19 PREPARED at (2) isang Talaan ng Impormasyon ng Bisita ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao, at dapat na maipaskil ang dalawang ito na madaling makita sa lahat ng mga pasukan ng pasilidad. Ang mga ito ay makikita para sa pag-print pagkatapos maisumite online ang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao.

- **Mga Panakip sa Mukha:** Ang bawat isa sa pasilidad ng negosyo o lugar ng trabaho ay dapat magsuot ng panakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban sa mga maliliit na bata, sa mga taong na hindi makatakip sa mukha dahil sa payong medikal, o para sa komunikasyon ng o sa mga taong may kapansanan sa pandinig). **Ang Direktibang ito ay nagsasaad kung kailan maaaring tanggalin ang mga panakip sa mukha habang kumakain o umiinom sa labas.**

- **Limitasyon ng Densidad:** Dapat limitahan ng lahat ng mga negosyo ang bilang ng mga tao na maaaring magkasabay sa loob ng pasilidad. Para sa mga miyembro ng kawani, ang limitasyon ay 1 tao bawat 250 na kabuuang talampakang kuwadrado ng espasyo sa panloob na pasilidad (nangangahulugan ito ng kabuuang espasyo, kabilang ang mga

lugar na bukas lamang sa mga kawani tulad ng mga silid ng imbakan). Para sa mga customer, ang limitasyon ay 1 tao bawat 150 na talampakang kuwadrado ng panloob na espasyo na bukas sa publiko. Ang mga kinakailangan na densidad ay nagpapahayag sa mga negosyo kung gaano karaming mga tao (kawani o mga kliyente) ang maaari nilang papasukin sa kanilang pasilidad bago umalis ang ibang tao. Ang mga batang wala pang 12 na edad na sumasama sa magulang o tagapag-alaga ay hindi binibilang sa limitasyon, ngunit binibilang ang lahat ng mga taong may edad na 12 pataas. **Ang Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa mga Pasilidad ng Pagkain ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ay naglalarawan ng isang limitadong pagbubukod sa limitasyon ng densidad na naaangkop lamang sa mga pasilidad ng pagkain.**

Tingnan ang Kautusan at ang pahina ng FAQ para sa mga karagdagang detalye.

I. Kinakailangan na mga Pamamaraan sa Kaligtasan para sa Panlabas na Serbisyo

Ang lahat ng mga pasilidad ng kainan (pati na rin ang mga pagawaan ng alak) ay dapat sumunod sa bawat naaangkop na kinakailangan na nasa patnubay na partikular sa industriya ng Estado para sa mga restaurant na may panlabas na kainan, takeout, drive-through, at delivery (makikita sa https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-outdoor-restermark--en.pdf) at nasa patnubay na partikular sa industriya ng Estado para sa mga restaurant, pagawaan ng alak, at bar (makikita sa https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-restaurants-bars-wineries--en.pdf). Dapat *din* nilang gawin ang mga sumusunod na karagdagang hakbang upang maprotektahan ang kanilang mga manggagawa at customer:

1. *Magbigay Lamang ng Panlabas na Serbisyo*

   a. **Ang pagkain at pag-inom ay limitado sa panlabas na lugar lamang.** Ang mga customer na kumakain at/o umiinom sa negosyo ay maaaring makapasok sa mga panloob na lugar lamang upang gumamit ng banyo o mga istasyon ng paghuhugas ng kamay, upang mag-order at kumuha ng pagkain mula sa isang operasyon ng mabilis na serbisyo (fast food), o maglakad sa isang panloob na lugar upang ma-access ang panlabas na lugar ng pag-upo. Ang lahat ng mga panloob na lugar ng pag-upo ay dapat na sarado sa mga customer. Dapat isuot ang mga panakip sa mukha sa lahat ng oras kapag nasa loob.

b. Upang mapahintulutan na magpatakbo para sa panlabas na serbisyo sa ilalim ng Kautusan at ng Direktibang ito, ang isang panlabas na pasilidad ng kainan ay dapat pumayag sa libreng daloy ng panlabas na hangin sa buong espasyo at tumugon sa mga sumusunod na kondisyon:

i. Ang pasilidad na ginamit para sa panlabas na kainan ay dapat tumugon sa isa sa mga sumusunod na kinakailangan:

1. Kung ang pasilidad ay natatakpan (sa kabuuan o sa bahagi) ng isang pansamantala o permanenteng istraktura na may lilim (tulad ng isang awning, canopy, o bubong), hindi bababa sa 50% ng gilid nito ang bukas sa labas. Halimbawa, ang isang kuwadradong tolda na may bubong ay dapat may hindi bababa sa dalawa sa mga gilid nito ay ganap na bukas upang maging kwalipikado bilang isang panlabas na pasilidad; o,

2. Kung walang takip ang pasilidad at bukas sa kalangitan (nangangahulugang walang ginagamit na mga istrakturang may lilim maliban sa mga indibidwal na payong ng mesa), hindi bababa sa 25% ng gilid nito ang bukas sa labas. Halimbawa, ang isang walang takip na kuwadradong patio ay dapat magkaroon ng kahit isang gilid na bukas upang maging kwalipikado bilang isang panlabas na pasilidad.

ii. Ang mga partisyon sa paligid o sa loob ng pasilidad ay maaaring gamitin at hindi kwalipikado bilang mga saradong gilid hangga't hindi sila hihigit sa 4 na talampakan ang taas at hindi humahadlang sa libreng daloy ng hangin sa buong pasilidad. Ang isang partisyon o harang na higit sa 4 na talampakan ang taas ay itinuturing na isang saradong gilid.

iii. Ang mga bakod at screen na hindi humahadlang sa daloy ng hangin ay hindi maituturing na mga saradong gilid para sa mga layunin ng pagtukoy kung ang isang lugar ay nasa labas.

2. *Mangailangan sa mga Manggagawa at Customer na Magsuot ng mga Panakip sa Mukha*

a. **Ang mga manggagawa sa mga pasilidad ng panlabas na kainan, pagawaan ng**

alak, at mga panlabas na tasting room ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban kung hindi ito ligtas para sa kanilang trabaho, kung ang isang panakip sa mukha ay hindi dapat gamitin dahil sa payong medikal, o kung kinakailangan para sa komunikasyon ng o sa isang taong may kapansanan sa pandinig).

b. **Ang mga customer ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha habang: naghihintay sa pila, pumupunta sa o mula sa kanilang lamesa, nag-order ng kanilang pagkain o nakikipaghalubilo sa isang server o kawani, nakaupo sa isang lamesa at naghihintay ng pagkain/inumin o pagdating ng check, pagkatapos maubos ang pagkain at inumin, sa loob ng isang pasilidad upang gumamit ng banyo o pag-order/pagkuha ng pagkain mula sa isang mabilis na serbisyong (quick-service) operasyon, paglilibot sa mga lugar ng pagawaan ng alak, at sa ibang mga oras na kinakailangan ng isang pasilidad upang mapanatiling ligtas ang mga manggagawa at customer.** Ang mga panakip sa mukha ay hindi kinakailangan para sa mga maliliit na bata, sa mga taong na hindi makatakip sa mukha dahil sa payong medikal, o para sa komunikasyon ng o sa mga taong may kapansanan sa pandinig. Maaaring tanggalin ang mga panakip sa mukha upang kumain o uminom, habang nakaupo sa isang lamesa sa labas.

3. *Tiyaking Sapat ang Pagdistansya sa Ibang Tao*

a. Ang mga lamesa ay dapat na malimitahan na hindi hihigit sa anim na tao bawat lamesa, na ang mga taong ito ay dapat mula sa parehong kabahayan. Ang mga taong nakaupo sa parehong lamesa ay hindi kailangang magpanatili ng anim na talampakang distansya mula sa isa't isa. Ang mga pasilidad ay dapat magpaskil ng palatandaan at pasalitang magbigay-alam sa mga customer na ang lahat na nasa isang lamesa ay dapat mula sa parehong kabahayan.

b. Dapat paghiwalayin ng mga pasilidad ang lahat ng mga lamesa upang matiyak na ang hindi bababa sa 6 na talampakan na distansya ay madaling mapanatili sa pagitan ng mga miyembro ng magkahiwalay na kabahayan sa lahat ng oras. Kabuuang nangangailangan ito na ang gilid ng bawat lamesa ay iayos na hindi bababa sa 10 talampakan ang layo sa gilid ng pinakamalapit na lamesa, upang payagan ang hindi bababa sa anim na talampakan na pagitan ng mga customer na nakaupo sa iba't ibang mga lamesa.

c. Ang lahat ng mga customer sa mga pasilidad ng panlabas na kainan ay dapat na nakaupo sa isang lamesa upang kumain o uminom. Hindi pinapayagan ang mga customer na magtipon, sumayaw, o mag-ikot sa pagitan ng mga lamesa, sa mga lugar ng bar, o sa iba pang mga lugar ng isang pasilidad ng panlabas na kainan.

d. Dapat ayusin ng mga pasilidad ang kanilang espasyo upang payagan ang sapat na pagdistansya sa ibang tao sa pagitan ng mga nakaupong customer at ng mga customer na uma-access sa kanilang mga lamesa pati na rin sa mga miyembro ng publiko na dumadaan sa lugar ng kainan.

e. Hinihikayat ang mga pasilidad na palawakin ang panlabas na pag-upo kung saan maaari sa tabi ng mga karaniwang daanan o iba pang mga panlabas na lugar na inaprubahan ng mga lokal na hurisdiksyon upang mapalaki ang espasyo sa pagitan ng mga lamesa.

f. Ang mga panlabas na lugar ng pag-upo na ginagamit ng mga customer sa mga restaurant na may mabilis na serbisyo (fast food), pati na rin mga shared food court at iba pang mga karaniwang lugar ng kainan sa labas, ay dapat na pangasiwaan upang matiyak ang pagsunod sa mga kinakailangan ng Pagdistansya sa Ibang Tao at ng pag-sanitize.

4. *Ipatupad ang Pinahusay na mga Pamamaraan ng Kalinisan ng Kamay at Pag-sanitize*

a. Mangailangan sa mga server na hugasan o i-sanitize ang kanilang mga kamay sa pagitan ng pagbisita sa bawat grupo ng customer.

b. Lubos na linisin at i-sanitize ang bawat lokasyon na napagkainan/inuman ng customer (kabilang ang mga lamesa at upuan) bago ipaupo ang susunod na pangkat ng customer, sumusunod sa mga patnubay ng CDC. Ang mga lamesa at upuan na ginamit ng mga customer sa sariling pag-upo sa mga restaurant na may mabilis na serbisyo at sa shared food court/karaniwang panlabas na lugar ng kainan ay dapat ding linisin sa pagitan ng paggamit ng bawat pangkat ng mga customer.

5. *Mag-alok sa mga Customer ng mga Alternatibo sa Pagkain sa Lugar ng Negosyo*

a. Mag-alok ng curbside pickup, takeaway, at/o mga alternatibong serbisyo sa pagdeliver upang ang mga customer na gustong kumain ng kanilang mga pagkain o

produkto sa bahay o sa iba pang mga lugar na malayo sa pasilidad ay maaaring makagawa nito.

6. *Limitahan ang Paghain ng Alkohol*

   a. Para sa mga operasyon sa panlabas na kainan, ang alkohol ay maaari lamang ibenta sa mga customer sa parehong transaksyon sa pagbenta ng pagkain. Halimbawa, ang isang brewery ay magbubukas para sa panlabas na kainan sa pamamagitan ng pagkontrata ng isang food truck, ang mga customer na bumibili ng alkohol mula sa brewery ay dapat ding bumili ng pagkain mula sa food truck sa parehong tiket/bayarin. Gayundin, kung ang isang restaurant ay naghahain ng alkohol mula sa bar nito, maaari lamang ibenta ang alkohol na iyon sa mga customer bilang bahagi ng paghain ng kanilang pagkain. Ang mga pasilidad ng panlabas na kainan ay hindi maaaring hayaang nakabukas ang mga tiket/tabs/bayarin ng customer para sa layunin ng paghain ng alak sa mga customer pagkatapos ng mahain ng kanilang pagkain. Sa kahilingan ng isang Opisyal ng Pagpapatupad ng County, ang mga panlabas na pasilidad ng kainan ay dapat magbigay ng mga resibo o iba pang patunay na ang alkohol ay binibili na kasama lamang sa mga pagkain.

7. *Mga Panuntunan para sa Live Entertainment*

   a. Ang live entertainment sa mga panlabas na pasilidad ng kainan ay dapat sumunod sa mga sumusunod na paghihigpit:

      i. Ang mga performers ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha at dapat manatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa isa't isa at mula sa lahat ng mga customer sa lahat ng oras.

      ii. Ang mga performers ay hindi maaaring kumanta o tumugtog ng mga hinihipan o tansong instrumento.

   b. Ang entertainment na nasa paligid lamang ang pinapayagan, at ang live na entertainment ay maaaring hindi nasasangkutan ng mga tampok na performances. Halimbawa, ang isang restaurant ay maaaring umarkila ng isang piyanista at ng isang gitarista o ng isang DJ upang magpatugtog ng musika sa paligid o sa background habang tinatamasa ng mga customer ang kanilang pagkain sa panlabas na espasyo ng kainan. Ngunit ang restaurant ay maaaring hindi mag-host ng isang

tampok na kaganapan ng entertainment (tulad ng isang stand-up na komedyante na gumaganap ng isang gawaing komedya o isang musical group na gumaganap ng isang konsyerto sa entablado), dahil ang mga pinagsamang aktibidad ng libangan ay nagtataguyod ng mga matagal na pagtitipon.

II. **Pagsasara ng Lahat ng mga Panloob at Panlabas na Bar at mga Silid ng Paninigarilyo**

1. *Mga Bar, Brewery, Brewpub, Pub, at Distillery*

   a. Ang mga bar, brewery, brewpub, pub, at distillery ay maaaring hindi magpatakbo sa loob man o sa labas maliban sa mga sumusunod:

      i. Takeaway retail sales.

      ii. Ang panlabas na kainan alinsunod sa mga probisyon ng Direktibang ito, sa kondisyon na naghahain sila ng sit-down meals o kumontrata sa isang pinahintulutang tindera ng pagkain (tulad ng isang pinahintulutang mobile food truck) upang magbigay ng sit-down meals.

2. *Mga Silid ng Paninigarilyo*

   a. Ang mga silid ng paninigarilyo ay hindi maaaring magpatakbo sa loob man o sa labas maliban sa mga sumusunod:

      i. Takeaway retail sales.

      ii. Panlabas na kainan alinsunod sa mga probisyon ng Direktibang ito, sa kondisyon na sarado ang sangkap na silid ng paninigarilyo ng operasyon. Halimbawa, ang isang hookah lounge ay maaaring maghain ng tsaa, kape, at meryenda sa mga panlabas na lamesa, ngunit ang mga customer ay hindi maaaring manigarilyo ng hookah habang nasa pasilidad.

   b. Para sa mga hangarin ng Direktibang ito ang "silid ng paninigarilyo" ay tumutukoy sa anumang pasilidad sa negosyo kung saan ang mga customer ay lumalanghap ng mga produktong tabako o marijuana sa pamamagitan ng paninigarilyo, pagdab, pag-uusok, o anumang katulad na paraan (kasama ang paggamit ng mga sigarilyo, tabako, hookah, tubo ng tubig, mga joint, pipa, bong, e-cigarette, vape pen,

vaporizer, o anumang mga katulad na kagamitan).

Manatiling may Kaalaman

Para sa mga sagot sa madalas na mga katanungan tungkol sa industriya at iba pang mga paksa, pakitingnan ang pahina ng FAQ. **Pakitandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update**. Para sa kasalukuyang impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccgov.org/coronavirus.